8

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay- Aralin sa Values Education

Kuwarter 2

Aralin

1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 1: Aralin 1 (Linggo 1)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Shaina Bianca J. Gerente

**Tagasuri:**
- Amabel T. Siason (West Visayas State University)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| **A. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **B. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa tungkulin ng pamilya sa edukasyon ng bata. |
| **C. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga tungkulin sa sariling edukasyon bilang pagtugon sa tungkulin ng pamilya upang malinang ang pagiging masipag. |
| **D. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pagiging masipag sa pamamagitan ng paggawa hanggang matapos ang mga itinakdang gawain sa pag-aaral sa kabila ng mga hamon/limitasyon<br>A. Naiisa-isa ang mga tungkulin ng pamilya sa edukasyon ng bawat bata.<br>B. Naipaliliwanag na ang tungkulin ng pamilya sa edukasyon ng bata ay paunlarin ang mga kaalaman, kasanayan, at pagpapahalaga ng bawat bata tungo sa matagumpay at makabuluhang buhay na ginagabayan ng katotohanan at kabutihan.<br>C. Nailalapat ang mga tungkulin sa sariling edukasyon bilang pagtugon sa tungkulin ng pamilya. |
| **D. Nilalaman** | Tungkulin ng Pamilya sa Edukasyon ng Bata |
| **E. Lilinanging Pagpapahalaga(Values to be Developed)** | Masipag (*Industrious*) |
| **F. Integrasyon** | *Convention on the Rights of Children #28- Access to Education*<br>*RA 10931 (Universal Access to Quality Tertiary Education Act)*<br>*RA 9155 (Governance of Basic Education Act of 2001)* |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| *Batas Republika Blg. 9155*. (2001, August 11). GOVPH. https://www.officialgazette.gov.ph/2001/08/11/batas-republika-blg-9155/<br>Lugtu, M. (n.d.). *Tungkulin Ng Pamilya Sa Edukasyon, Paggabay at Paghubog Ng Pananampalataya*. Scribd. Retrieved May 1, 2024, from https://www.scribd.com/presentation/719560624/Tungkulin-ng-Pamilya-sa-Edukasyon-Paggabay-at-Paghubog-ng-Pananampalataya |

*Maligayang ika-5 taong anibersaryo Ng RA 10931!* (2022, August 3). CHED MIMAROPA Region | CHED MIMAROPA Region Website. Retrieved May 1, 2024, from https://mimaropa.ched.gov.ph/maligayang-ika-5-taong-anibersaryo-ng-ra-10931/

*Mga tungkulin Ng pamilya Sa edukasyon?* (2021, September 20). Panitikan.com.ph. Retrieved May 1, 2024, from https://www.panitikan.com.ph/mga-tungkulin-ng-pamilya-sa-edukasyon

*Modyul 2 Pakikipagtulungan ng Magulang at Guro.* (n.d.). Teach for the Philippines. https://teachforthephilippines.com/wp-content/uploads/2022/10/parent_workbook-2.pdf

*Modyul 4: Ang Aking Tungkulin Bilang Kabataan.* (n.d.). EDUKASYON SA PAGPAPAKATAOGrade7 Pinagbuhatan High School. Retrieved May 1, 2024, from https://phsedukasyonsapagpapakataogr7.weebly.com/modyul-4.html

Singh, R. (2023, November 5). *Role Of Family In Education: Significance, Benefits And Beyond.* OSPI. Retrieved May 1, 2024, from https://ospi.k12.wa.us/sites/default/files/2023-08/tagalogparents-whatistitlei.pdf

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>UNANG ARAW<br>1. Maikling Balik-aral<br>BALIK TANAW<br>Panuto: Alalahanin ang mga aral na natutuhan tungkol sa naging huling talakayan. Suriin ang larawan sa ibaba at subuking sagutin ang tanong sa ibaba.<br><br>https://creativecommons.org/licenses/publicdomain/<br><br>Mga Tanong:<br>1. Base sa naging huling talakayan tungkol sa pag-iimpok, paano mo maiuugnay ang larawan sa itaas? Ipaliwanag.<br>2. Paano nakatutulong ang pag-iimpok sa isang pamilya?</td><td>Matapos bigyan ng ilang segundo ang mga mag-aaral upang suriin ang larawan, itanong ang unang katanungan at tumawag ng ilang mag-aaral na gustong magbahagi. Pagkatapos ay itanong ang pangalawang katanungan. Gawin ito sa loob ng 4 na minuto.</td></tr>
</table>

**B. Paglalahad ng Layunin**

**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**
**Gawain 1: ALAM KO 'YAN! (5 Minuto)**

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**
**IBIGAY MO!**

| | | |
|---|---|---|
|  Ibigay ang kahulugan. |  Iguhit ito o ang sumisimbolo rito. |  Magbigay ng mga kasingkahulugan ng salita |
|  Magbigay ng una mong naiisip kapag iyong naririnig ang salitang ito? |  Gamitin ang salita sa isang pangungusap. |  Magbigay ng mga kasalungat na salita nito. |

**Panuto:** Alugin ang box na naglalaman ng *dice*. Base sa iyong nakuhang numero ay ibigay ang hinihingi nito sa bawat konsepto na nasa ibaba.

1. Tungkulin
2. Edukasyon
3. Kasanayan
4. Pamilya
5. Kaalaman
6. Pagpapahalaga

**Kahulugan ng mga salita:**

1. **Tungkulin** - ang gawain o obligasyon na dapat gampanan ng isang tao, grupo, o organisasyon, na may kaakibat na pananagutan, bilang bahagi ng kanilang posisyon o layunin sa lipunan
2. **Pamilya -** pangunahing yunit ng lipunan.
3. **Edukasyon** - isang karapatan na dapat natatanggap ng bawat tao upang mapaunlad ang kaniyang kaalaman, pagpapahalaga, at kasanayan.
4. **Kaalaman** - ang kabuuan ng impormasyon, datos, at mga bagay na natutuhan mula sa karanasan, pag-aaral, at obserbasyon upang maunawaan ang mundo o tiyak na larangan.
5. **Kasanayan** - ang kapasidad at estado ng pagiging mahusay at bihasa sa isang gawain o larangan na nagpapakita ng mataas na antas ng husay at galing.

Gawain 1: Tingnan ang sagutang papel para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral.

Bigyan ang mag-aaral ng 5 minuto upang tapusin ang gawain. Maaari nilang isulang ang sagot sa ¼ na papel. Pagkatapos ng gawin tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng sagot at upang sagutin ang mga katanungan. Gawin ito sa loob ng 5 minuto

**Paghawan ng Bokabolaryo**
Tatawag ang guro ng limang mag-aaral na magbibigay ng mga bagay na kaugnay ng mga salita sa ibaba depende sa makukuha nilang numero sa *dice* base sa hinihingi ng bawat numero. Ibigay agad ng guro ang kahulugan ng bawat salita pagkatapos sumagot ng isang mag-aaral.

Kung walang maihahandang *dice* ang guro maaaring gumawa na lamang ng bunutan na naglalaman ng mga papel na mayroong numero mula 1 hanggang 6.

Gawin ito sa loob ng 5-8 minuto.

| | | |
|---|---|---|
| | 6. **Pagpapahalaga** - pagiging malakas o matatag at pagiging makabuluhan o pagkakaroon ng saysay o kabuluhan. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Mga Tungkulin ng Pamilya sa Edukasyon ng Bawat Bata**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Ang pamilya ang pangunahing yunit ng komunidad. Ito ay binubuo ng mga miyembro tulad ng ama, ina, at mga anak. Ang bawat miyembro ay may tungkulin sa lipunang kaniyang ginagalawan. Pagdating sa usaping pang-edukasyon, tungkulin ng isang pamilya, lalong-lalo na ng mga magulang, na maitaguyod ang pag-aaral ng mga anak. Ayon nga sa *Convention on the Rights of Children Article 28* ang lahat ng bata ay may karapatan na makatanggap ng Edukasyon. Ang pagkakaroon ng edukasyon ng isang bata ay dapat na ibinibigay simula elementarya, sekundarya hanggang sa kolehiyo. Ito ay nakasaad sa ating Batas Republika Blg. 9155 o *Governance of Basic Education Act of 2001* at Batas Republika Blg. 10931 o *Universal Access to Quality Tertiary Education Act*.<br><br>**Mga Batas na Nagtataguyod sa Edukasyon ng Bata**<br><br>**1. Batas Republika Blg. 9155 (Governance of Basic Education Act of 2001) -** Nangangalaga at nagtataguyod ng karapatan ng lahat ng mamamayan para sa pagkakaroon ng batayang edukasyon na may kalidad at bukás para sa lahat sa pamamagitan ng pagkakaloob ng isang edukasyong libre at kinakailangan sa antas elementarya at sekundarya.<br><br>**2. Batas Republika Blg. 10931 (Universal Access to Quality Tertiary Education Act)-** Nagbibigay ng pantay na oportunidad sa mga Pilipinong estudyante na wala o kulang ang kapasidad na makapagtapos ng pag-aaral sa kolehiyo.<br><br>Ang pamilya rin ang dapat maging pangunahing gabay ng mga anak sa pagiging mabuting mamamayan at mag-aaral. Kasama sa karapatang ito ay ang tungkulin | Talakayin ang Kaugnay na Paksa 1 ng 20 minuto. |

| | | |
|---|---|---|
| | ng mga magulang na ikaw ay turuan. Ito ang dahilan kung bakit ang mga magulang ang itinuturing na una at pangunahing guro ng mga anak sa tahanan. Ang pagiging mapanagutan ng mga magulang ay nangangahulugan ng malayang pagganap sa mga tungkuling ito kakambal ang pagtanggap sa anumang kahihinatnan ng kanilang mga pagganap at hindi pagganap dito.<br><br>**IKALAWANG ARAW**<br>**1. Narito ang mga tungkulin ng mga magulang at miyembro ng pamilya sa edukasyon ng bata.**<br>**1. Pagiging Unang Guro:** Ang magulang ang unang guro ng bata na nakaaapekto sa kanilang kognitibo, panlipunan, at emosyonal na pag-unlad sa murang edad. Ang positibong pakikisalamuha sa loob ng pamilya ay nakatutulong sa paghahanda ng bata para sa paaralan, kasama na ang pagpapalawak ng wika, mga kakayahan, at kasanayan. Tulad na lamang ng pagsulat at tamang pakikipag-usap o pakikitungo sa kapwa.<br>**2. Paghubog sa Pananaw sa Pag-aaral:** Ang pamilya ang siyang bumubuo ng pananaw ng isang bata sa pag-aaral at edukasyon. Kung mahalaga sa mga magulang at binibigyang-pansin ang edukasyon, magtataguyod o magkakaroon ang isang bata ng positibong pananaw sa pag aaral. Ang pakikilahok sa mga gawain sa bahay na may kinalaman sa edukasyon, tulad ng pagbasa, pag sulat, pagguhit, at diskusyon, ay maaaring magpalago ng pagmamahal sa edukasyon.<br>**3. Pagtulong sa Kaunlarang Pang-akademiko:** Ang pamilya na nagbibigay ng suporta at maayos na kapaligiran sa tahanan ay nakakaapekto nang positibo sa tagumpay ng bata sa kanilang pag aaral. Kasama rito ang pagkakaroon ng tahimik na lugar para sa paggawa ng mga takdang-aralin, pagsusulong ng mabuting kaugalian sa pag-aaral at pagtatakda ng mga inaasahang kilos ng isang mapanagutang mag-aaral. Dagdag pa rito ang pakikilahok ng mga magulang, tagapangalaga, o ibang miyembro ng pamilya sa edukasyon ng isang bata. Sa pamamagitan ng mga gawain tulad ng mga pulong ng mga magulang at guro ay maaaring magpalakas sa tagumpay at kaunlarang pang-akademiko ng bata.<br>**4. Paghubog sa mga Pagpapahalaga at Disiplina:** Ang pamilya ang siyang humuhubog sa pagpapahalaga at disiplina ng bata. Ito ay nakaiimpluwensiya sa | <br><br><br><br><br><br>Magbalik aral tungkol sa pamilya at edukasyon bilang isang karapatan. Pagkatapos ay talakayin ang mga tungkulin ng magulang sa edukasyon sa loob ng 20 minuto. |

| | | |
|---|---|---|
| | pag-uugali at pagganap ng isang bata sa paaralan. Ang mga miyembro ng pamilya ay maaaring makatulong na magtanim ng isang matibay na moral at tamang asal sa pagganap sa responsibilidad bilang isang mag-aaral na mahalagang isakilos sa loob at labas ng paaralan.<br>**5. Pabibigay ng Sosyal at Emosyonal na Suporta:** Ang emosyonal na suporta mula sa pamilya ay mahalaga para sa kapakanan at tagumpay ng isang bata sa paaralan. Ito ay nagbibigay ng positibong pag-iisip, na nakakaapekto naman sa kakayahan ng isang bata na matuto. Ang bukas na komunikasyon sa loob ng pamilya ay tumutulong sa mga bata na harapin ang mga hamon sa buhay bilang isang mag-aaral at bumuo ng mga interpersonal na kasanayan.<br>**6. Paghikayat tungo sa *Lifelong Learning*:** Ang mga pamilyang nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pag-aaral o patuloy na pagkuha ng kaalaman ay nakakatulong sa pag-unawa ng isang bata na ang edukasyon ay higit pa sa loob ng silid-aralan. Ang pananaw na ito ay maaaring humimok ng pagkamausisa at pag-iisip ng kritikal ng isang bata.<br>**7. Paggabay sa Paggawa ng Mabuting Pagpapasiya**. Ang pamilya ang siyang nagtuturo sa isang bata na makagawa ng mabuting pagpapasiya sa pamamagitan ng paggabay at pabibigay sa kaniya ng laya na magpasiya para sa kaniyang sarili. Ang mga pagpapasiyang isasagawa ng mga bata hanggang sa kanilang pagtanda ang siyang magdidikta kung anong uri ng tao sila magiging sa hinaharap at kung anong landas ang kanilang pipiliing tahakin.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Gawain: 2 Pamagat: PAYO MO'Y TAGUMPAY KO! (10 Minuto)**<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Gawain: 3 Pamagat: NATATANGING HILING (10 Minuto )**<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 2: Pagtupad sa Tungkulin sa Sariling Edukasyon Bilang Pagtugon sa Tungkulin ng Pamilya**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa** | Gawain 2: Tingnan ang sagutang papel para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral.<br><br>**PAYO MO'Y TAGUMPAY KO!**<br>Gawin ang gawain sa loob ng 10 minuto. Bigyan ng pagkakataon na ibahagi ng mga mag-aaral ang ilang payo ng kanilang mga magulang. |

| | | |
|---|---|---|
| | Ang paaralan ang nagsisilbing pangalawang tahanan ng isang mag-aaral kung saan dito nahuhubog at napauunlad ang kaniyang mga pagpapahalaga, kaalaman, at mga kasanayan. Dito rin napapalawak at naisasakilos ng mag-aaral ang kaniyang mga natutuhan sa tahanan.<br>Sa pagpasok sa mas malawak na mundo, mas marami na ang mga nararapat gawin, at sa bawat gawaing ito ay may karagdagang karanasan at aral na nakakamit, na nakapagbibigay ng kabuluhan sa buhay at pag-unlad ng sarili kung kaya't ang mga mag-aaral ay may mahalagang papel sa paghubog at pamamahala sa kanilang edukasyon.<br><br>**Mga Tungkulin ng Mag-aaral sa Sariling Edukasyon**<br>1. **Mag-aral nang mabuti.** Ang pagbuo ng mga magandang gawi sa pag-aaral ang makatutulong upang mas mahasa mo ang iyong kakayahan at mailabas mo ang iyong mga potensyal. Maging masipag sa pag-aaral dahil hindi lamang ito para sa iyong sarili, kundi maging para sa paaralan, at lalo na sa iyong pamilya.<br>2. **Magkaroon ng masidhing pagnanais na matuto.** Nag-aaral ka upang matuto. Sabi nga nila hindi ka nasa paaralan para lamang sa baon araw-araw. Ang iyong masidhing pagnanais na matuto ang tutulong sa iyong isip upang gumana nang maayos. Walang mahirap sa isang taong nagpupursigi at may dedikasyon.<br>3. **Pataasin ang mga marka.** Hindi natin maikakaila ang halaga ng pagkakaroon ng mataas na marka. Ito ay maaari mong magamit upang makapasok sa magandang paaralan kapag ikaw ay pumasok sa kolehiyo. Ngunit dapat mong tandaan na ang mataas na marka ay pangalawa lamang, ang tunay mong layunin sa pag-aaral ay upang matuto at magkaroon ng kaalaman.<br>4. **Gamitin ang kakayahan sa komunikasyon nang buong husay.** Mahalaga ito sa proseso ng iyong pagsisikap na matuto. Gamitin nang mahusay ang kakayahan sa pakikinig, sa pagbabasa, sa pagsusulat at sa pagsasalita. Mahalagang kahiligan ang pagbabasa upang malinang ang kakayahang mag-isip, magtanong, magmasid, at magnilay.<br>5. **Pagyamanin ang kakayahan sa pag-iisip.** Binigyan ka ng sariling pag-iisip kung kaya hindi mo dapat hinahayaan na iba ang nag-iisip para sa iyo. Wala | Gawain 3: Tingnan ang sagutang papel para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral.<br><br>**NATATANGING HILING**<br>Gawin ang gawain ng 10 minuto. Maaari itong gawin gamit ang pagbabahagian sa klase.<br><br>Italakay ang Kaugnay na Paksa 2 sa loob ng 30 minuto.<br>Maaari ring humingi ang guro mula sa mga mag-aaral ng ilang tungkulin na nararapat gawin nila bilang pagtugon sa kanilang pamilya. |

nang iba pang makapagpapalakas sa isip kundi ang palagi itong gamitin. Gamitin ito upang hanapin ang katotohanan, sa pakikinig at pagtimbang sa opinyon ng iba, at sa pagiging kritikal sa mga inihaing ideya.

6. **Matutong lutasin ang sariling mga suliranin**. Mas marami kang kakaharaping suliranin sa yugtong ito. Kadalasan ito ay suliranin sa iyong pakikipag-ugnayan. At sa mga pagkakataong ito, bumubuo ka ng mga pagpapasya. Siguraduhing pipiliin mo lamang ang kabutihan.

7. **Makilahok sa mga gawain sa paaralan.** Hindi lang sa harap ng libro umiikot ang mundo sa loob ng paaralan. Makihalubilo ka sa iba pang mga mag-aaral. Lumahok ka sa mga pangkatang gawain para matutuhan mo ang mamuno at sumunod. Ito ang isa sa mga kasanayang kakailanganin mo sa iyong buong buhay.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain: 4 Pamagat: PROSESO NG PAGKATUTO (10 Minuto)**

Gawain 4: Tingnan ang sagutang papel para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral.

**PROSESO NG PAGKATUTO**

Gawin ang gawain sa loob ng 10 minuto.

**IKAAPAT ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**ARTE, ARAL, AKSYON!**

**Panuto:** Ang klase ay hahatiin sa limang grupo at ang bawat grupo ay makakatanggap ng isang tungkulin ng pamilya. Pagkatapos ay gumawa ang bawat grupo ng dalawa hanggang tatlong (2-3) minutong skit kung paano tutugon ang isang mag-aaral sa tungkuling ito sa pamamagitan ng pagtugon sa iyong tungkulin bilang isang mag-aaral.

**Rubrik para sa Maikling Skit**

| PAMANTAYAN | PUNTOS |
|---|---|
| **Pag-unawa sa Paksa:** Naipakita ang tungkulin na ginampanan ng mag-aaral sa pagtugon sa tungkulin ng pamilya. | **15** |
| **Pagganap:** Makatotohanan at kapani-paniwala ang pagkakaganap ng mga tauhan mula sa pananalita, galaw, at ekspresyon ng mukha. | **10** |
| **Kooperasyon:** Lahat ng miyembro ay may kontribusyon sa paggawa. | **5** |

**ARTE, ARAL, AKSYON!**

Bibigyan ng guro ang bawat grupo ng 7 minuto para sa pagpupulong.

Gawin ang buong gawain sa loob ng 20 minuto.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

| | |
|---|---|
| **KABUUAN** | **30** |

**Mga Tanong:**<br>
1. Base sa ipinakitang skit, paano ninyo natugunan ang inyong tungkulin sa edukasyon bilang pagpapahalaga sa suporta na inyong natatanggap mula sa pamilya?<br>
2. Ang mga ito ba ay inyong isinasagawa sa totoong buhay? Ipaliwanag ang sagot?<br>
3. Ano ang mga hadlang sa pagtupad sa inyong mga tungkulin bilang isang anak at mag-aaral? Paano ninyo ito mapagtagumpayan?<br>
4. Ano ang kahalagahan ng pagtugon sa tungkulin mo bilang isang anak at mag-aaral? Ipaliwanag.
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>
1. Pabaong Pagkatuto<br>
“FOOD FOR THOUGHTS”<br>
Panuto: Sagutin ang katanungan sa ibaba.<br>
1. Bakit mahalaga ang gampanin ng pamilya sa edukasyon ng kabataan?<br>
2. Ano-anong mga pagpapahalaga sa iyong palagay ang makatutulong sa iyo upang magampanan mo nang may pananagutan ang iyong tungkulin sa iyong edukasyon bilang isang mag-aaral? Paano ang mga ito makatutulong sa iyo? Ipaliwanag.<br>
<br>
2. Pagninilay sa Pagkatuto<br>
Panuto: Pagnilayan ang kasabihan sa ibaba at sagutin ang sumusunod na mga tanong.<br>
<br>
“ Maging mapanagutan sa anumang tungkuling iatang sa iyo; gampanan ito nang buong husay para kapakinabangan mo”.<br>
-Honeylyn Mongcopa (mag-aaral ng EsP ”
</td>
<td>
Itanong at iproseso ang mga kasagutan ng mga mag-aaral.<br>
<br>
Gawin ang Paglalahat sa loob ng 8 minuto.
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **Mga Tanong:**<br>1. Anong tungkulin ng isang mag-aaral ang iyong buong husay na ginagampanan bilang iyong pagtugon sa tungkulin ng iyong pamilya?<br>2. Anong kapakinabangan ang iyong natamo sa paggawa nito? | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **1. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**Panuto:** Basahin nang mabuti ang mga tanong at piliin ang LETRA ng tamang sagot.<br>1. Alin sa mga sumusunod na batas ang nangangalaga at nagtataguyod ng karapatan ng lahat ng mamamayan para sa pagkakaroon ng batayang edukasyon na may kalidad at bukas para sa lahat?<br>a. Batas Republika Blg. 9155<br>b. Batas Republika Blg. 10931<br>c. Batas Republika Blg. 11476<br>d. *Convention on the Rights of Children Article 28*<br>2. Ang mag-asawang sina Juan at Maria ay nais bigyan ng magandang pundasyon sa pagsulat at pagbasa ang kanilang anak na si Sofia, na pitong (7) taong gulang. Tuwing hapon, sila ay naglalaan ng dalawang (2) oras para turuan siyang magbasa. Anong tungkulin ng pamilya sa edukasyon ng anak ang kanilang ginagampanan?<br>a. Pagiging Unang Guro<br>b. Paghikayat tungo sa *Lifelong Learning*<br>c. Paghubog sa mga Pagpapahalaga at Disiplina<br>d. Paggabay sa Paggawa ng Mabuting Pagpapasya<br>3. Mahalaga kay Robert na maturuan ang kaniyang anak na si Miguel ng magandang pag-uugali kaya naman tinuruan niya si Miguel ng pagrespeto sa matanda gamit ang po at opo pati na rin ang pagmamano. Sa tulong nito natutuhan ni Miguel ang pagiging mabuti at maunawain. Anong tungkulin ng pamilya sa edukasyon ng anak ang ipinapakita ni Robert?<br>a. Pagiging Unang Guro<br>b. Paghikayat tungo sa *Lifelong Learning*<br>c. Paghubog sa mga Pagpapahalaga at Disiplina<br>d. Paggabay sa Paggawa ng Mabuting Pagpapasiya | Pasagutan ang pagsusulit sa ¼ na papel sa loob ng 5 minuto.<br><br>Mga Kasagutan:<br>1. A<br>2. A<br>3. C<br>4. B<br>5. B |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">4. Si Andrea, isang estudyante sa ika-anim na baitang, ay mayroong malaking pagsusulit sa Math kinabukasan. Sa kaniyang kuwarto, mahigpit na nagtuon si Andrea sa pag-aaral. Anong tungkulin bilang isang mag-aaral ang kaniyang ginampanan?<br>a. Pagpapataas ng marka.<br>b. Pag-aaral nang mabuti.<br>c. Pakikilahok sa mga gawain sa paaralan.<br>d. Paggamit ng kakayahan sa komunikasyon nang buong husay.<br>5. Ang mga mag-aaral lamang ang may mahalagang papel sa paghubog at pamamahala sa kanilang edukasyon. Ano ang masasabi mo sa pangungusap?<br>a. Ito ay tama.<br>b. Ito ay mali.<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>Gawain: 5 Pamagat: GAGAWIN KO!</td>
<td>Gawain 5: Tingnan ang sagutang papel para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">6. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **7. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br><br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |